

# Mga Pyesta sa Japan

## Ang Bagong Taon sa Japan

Inuumpisahan ang bagong taon sa pambating “*Akemashite, omedetogozaimasu*”, na ang ibig sabihin ay “Maligayang bagong taon.”

Sa Japan, ang unang buwan ng taon ay tinatawag na “(o)*shogatsu*”.

Sa bagong taon, ang *Toshigami (Sorei)* (mga kaluluwa ng ninuno na naging diyos) ay darating, at maraming iba't-ibang pagdiriwang na ginagawa. Ang paniniwala tungkol sa *Sorei* ay galing pa sa unang panahon, iba't-ibang pagdiriwang ang isinasagawa ng pamilya, mga kamag-anak at mga tao sa komunidad. Maliban dito, karamihan sa mga tao ay nagkakaroon ng mahabang pahinga sa trabaho mula sa katapusan ng taon hanggang sa umpisa ng bagong taon.

Pagkatapos mismo ng pasko, nagiging abala na ang lahat sa paghahanda para sa darating ng bagong taon. Sa tahanan, nag-uumpisa na ang matinding paglilinis ng bahay. May paniwala sa Japan mula pa noong unang panahaon na ang unang araw ng taon (Enero 1) ay ang [unang] umpisa at [ang lahat ng bagay sa mundo ay magsisimula muli]. Sa katapusan ng taon, ang lahat ng naipong dumi sa isang taon ay lilinisin upang masalubong ng maganda ang bagong taon. Nagsasabit ng *shimenawa* sa pintuan, naglalagay ng *kadomatsu* sa pasukan ng tahanan, naghahanda ng altar-altaran na paglalagayan ng *kagami mochi* at alak, at pinatuyong persimmon. Ngunit sa mga nakalipas na taon, dahil sa pagiging moderno ng mga tao at pagliit ng mga bilang ng miyembro ng pamilya, umuunti na lamang ang mga pamilyang naggagayak ng *shimenawa* at *kadomatsu* sa tahanan.

Ang gabi bago dumating ang bagong taon ay tinatawag na “*omisoka*”, pagdating ng alas 12 ng hating gabi pinapatunog ng templo ang kampana, at upang talikuran ang hangad sa mga material na bagay ang mga tao ay nakikinig sa kampana sa bisperas ng bagong taon, at upang tumagal ang kaligayahan sa pamilya ang mga miyembro ng pamilya ay kumakain ng mahabang pansit na tinatawag na *toshikoshi soba*.

Sa Enero 1 (unang araw ng taon), ang miyembro ng pamilya ay magkakasama, kumakain ng *osechiryori*, at pumupunta sa templo ng Shinto o Budista. Isa pang pinakahihintay na gawain ay ang pagtingin sa mga pinadalang *nengajo* (kard para sa bagong taon) ng mga kamag-anak at kaibigan.

### 《Mga palamuting ginagamit sa bagong taon》


Tuwing unang araw ng taon (Enero 1), ang *Toshigami* na diyos na nangangalaga sa pamilya ay bumababa daw mula sa langit. Dahil dito naglalagay ng mga palamuti upang salubungin ang diyos. Ang bawat palamuting nakikita natin na ginagayak sa bagong taon ay may iba't-ibang kahulugan.

#### Shimenawa



Ang *shimenawa* ay palatandaan ng mga lugar na naghihintay ng pagdating ng diyos. Upang salubungin ang diyos na magdadalisay sa tahanan, nilalagay ito sa harapan ng pasukan ng bakuran o ng pintuan. (Sa ngayon) Inilalagay din ito sa mga sasakyan upang mapangalagaan ang sasakyan sa aksidente.

#### Kadomatsu



Noong unang panahon sa Japan, pinapaniwalaan na ang diyos ay tumitira sa mga punong nananatiling berde kahit anong panahon tulad ng pine tree, kaya nagtatayo ng sanga ng banal na punong ito sa pasukan ng tahanan. Pinaniniwalaan din na papasok ang *Toshigami* sa tahanan kapag nakita ito.

#### Kagami mochi



Ito ay *mochi* (rice cake) na malapad at bilog ang korte. Ito ay ang magiging *shinza* (lugar na babalikan ng diyos) ng diyos ng bagong taon. Noong unang panahon, ang salamin ay isang banal na bagay, at pinaniniwalaan na ang diyos ay nakatira sa loob nito. Ang diyos ng bagong taon ay diyos ng mga palay kaya pinaniniwalaan ng ang kaluluwa ng diyos ay papasok dahil gawa ito sa kanin.

Pinagpapatong-patong ang malaki at malilit na *mochi* at sa ibabaw nito ay ipinapatong ang dahon ng *konbu*, dahon ng isang evergreen at dalandan na nangangahulugan ng kaligayahan, mahabang buhay at kasaganaan ng lahi ng pamilya, at nilalagay ito sa tinatawag na *tokonoma* o kaya sa bawat silid ng bahay.

#### Kagami-biraki (Ang paghihiwa ng kagami mochi)



Kapag natapos na ang panahon ng bagong taon, ibinababa ang *kagami mochi* at nilalagay ito sa lutong *zoni* o sa lutong *oshiruko*, at kinakain. Inalay ito sa diyos na *mochi* kaya mas maganda daw na biyakin ito ng kamay at huwag hiwain ito ng matalim na bagay.

#### Osechiryori (Mga luto para sa bagong taon)




Ang *osechi* ay mga lutong iinahanda sa limang malalaking seremonya noong panahon Heian. Idinadasal ang magandang ani at ang kalusugan ng katawan at inaalay sa diyos ang lahat ng mga inaani sa taon sa pamamagitan ng paggamit ng mga bagay na ito sa luto. Ngayon ang mga seremonyang ito ay nawala na ngunit nanatili pa rin ang mga pangalan ng luto. Sa unang tatlong araw ng bagong taon, upang mabawasan ang gawain sa loob ng bahay at makapagsaya sa bagong taon, nagluluto ng mga lutong hindi madaling masira kasama na ang *mochi* mula sa gabi ng araw bago ng bagong taon, at ito ang tinatawag na luto para sa bagong taon. Noong simula, ito ay 4 na patung-patong na lalagyan ngunit ngayon ito ay naging simple na lamang.

## 《Mga larong ginagawa sa bagong taon sa Japan》

Kahit ngayon, ng mga bata ay nagpapalipas ng panahon ng bagong taon sa paglalaro ng mga larong galing pa sa unang panahon.

Subukan din ninyong laruin ang mga larong ito sa bagong taon.



### Takoage (Pagpalipat ng Saranggola)

Nilalaro na hinihila o pinapahaba ang tali habang pinapakiramdaman ang lakas at direksiyon ng hangin. Madaling makagawa ng sariling saranggola na gamit ang disposable na chopstick at plastic na supot ng basura. Ang saranggola ng mga puti ay tinatawag na "kite", may kaunting kaibahan ang hugis ng saranggola at ang ginagamit sa paggawa. Subukan ninyong magpalipad ng saranggola sa araw na mahangin.



### Komamawashi (Pagpaikot ng Trumpo)


Paikutan ng tali ang trumpo at paikutin. May iba't-ibang laki at paraan ng paglaro ng trumpo. Butasan sa gitna ang takip ng lalagyan ng film ng kamera at turukan ng palito at makakagawa kayo ng trumpo.



### Hanetsuki


Paluin ng kahoy na pamalo ang balahibo ng pakpak parang naglalaro ng badminton. Ang likod ng kahoy na pamalo ay may mga nakalagay na palamuti tulad ng manika, ito ay napaka-popular na regalo mula Japan.

剣先にささった剣玉



### Kendama

Hawakan mabuti ng hinlalaki at hintuturo ang hawakan, at ilagay sa malaki, katamtaman o maliit na plato ang bola na nakakabit sa tali sa dulo ng *kendama*. Mayroong iba't-ibang pamamaraan, at may mga pangalan ang mga pamamaraan na ito.




### Fukuwarai

Ilagay ng taong may takip ang mata, ang [mata], [ilong], [bibig], [kilay], at iba pa, sa mukha na nakaguhit sa papel.



**Kakizome** ☆☆karagdagan lamang☆☆ ~ang matatanda rin, subukan ninyo~ Isusulat sa isang puting papel para sa kaligrapya ang mga salitan may kaugnayan sa bagong taon tulad ng [*oshogatsu* (bagong taon)], [*hi no de* (pagsikat ng araw)] o kaya ang panukala para sa bagong taon, na gamit ang brush at tinta.

## Enero



### Enero 1: Gantan

Ang unang araw ng isang taon. Bumibisita sa templo ng budista upang ipagdasal ang magandang kapalaran sa buong taon. Sama-samang kumakain ng *osechi ryori* at *ozoni* na may *mochi* upang magdiwang.

### Enero 7: Jinjitsu / Nanakusa

Ang *nanakusa* ay ang kaugaliang pagkain ng lugaw na may lamang 7 uri ng gulay sa umaga ng *Jinjitsu no Sekku* (Enero 7).

### Ikalawang Lunes ng Enero: Seijin no Hi

 ※Nag-iiba ang araw sa bawat taon.

Ang pagbasbas sa mga lalaki at babaeng kalalampas lamang ng 20 taong gulang noong nakalipas na taon. Ang bawat bayan ay nagkakaroon ng pagtitipon upang ihimuyok ang mga bagong naging mayor de eded. Sumasali ang mga kabataang suot ang kanilang pinakamagandang mga damit para sa pagdiriwang.



## Pebrero

### Pebrero 3: Setsubun

Ang sinangag na soybean ay inilalagay sa kahoy na lalagyan na kahon, ihinahagis ang soybean papunta sa labas ng pintuan o sa halamanan na sumisigaw ng [*oni wa soto* (sa labas ang demonyo)], at sumisigaw naman ng [*fuku wa uchi* (sa loob ang suwerte)] kapag hinahagis sa loob ng bahay. Pagkatapos nito, kakain ng soybean na ang bilang ay tulad ng inyong edad, o kaya isa higit sa ang inyong edad, habang idinadasal ang isang taong na walang sakit, malusog at masaya.



### Pebrero 14: Valentine's Day


Sinasabi na nagumpisa ang Valentine's Day noong ika-3 dantaon sa Imperyo ng Roma nang ang mga sundalo ay pinagbawalan mag-asawa at ang pari na sa Valentine na tumulong sa pagpakasal sa mga sundalo ay hinatulan ng kamatayan.

Hindi matiyak kung kailan nagumpisa na sa Japan sa araw na ito ang mga babae ay nagbibigay ng tsokolate sa gusto nilang lalaki upang ipaalam ang kanilang pakiramdam.

Hindi lamang ito, may mga babae ring nagbibigay ng tsokolate sa mga taong sila ay may utang na loob, sa mga kasama sa trabaho, sa ama at kapatid na lalaki, kaya pagdating ng buwan ng Pebrero, ang tindahan ng tsokolate sa mga department stores ay puno ng mga babae.



## Marso



### Marso 3: Momo no Sekku

Ngayon tinatawag ito na [*Hina Matsuri*], pista ng mga batang babae. Ginagayak ang mga manyika para sa pistang ito, kumakain ng mga masasarap na pagkain, umiinom ng puting alak, nagsasaya ang buong pamilya.

### Marso 14: White Day

Ang mga lalaking nakatanggap ng tsokolate noong Valentine's Day ay magbibigay ng regalo tulad ng puting tsokolate o kendi sa mga babaeng nagbigay sa kanila ng tsokolate.




### Marso 20: Shunbun no Hi (Araw sa panahon ng tagsibol na ang araw at gabi ang magkasinghaba.)

※Nag-iiba sa bawat taon.

Tinatawag din na [*Haru no Higan*], inaalala ang mga ninuno at binibisita ang libingan.

### Marso 31: Katapusan ng Piskal na Taon

Katapusan ng isang taon ng mga paaralan at mga kompanya sa Japan. Ang mga seremonya sa pagtatapos sa mga paaralan at kindergarden ay isinasagawa sa buwan ng Marso.



## Abril


### Abril 1: Umpisa ng Piskal na Taon

Umpisa ng isang taon ng mga paaralan at mga kompanya sa Japan. Ang pasukan sa paaralan at mga kompanya ay ginagawa sa buwan ng Abril



### Unang bahagi ng Abril: Ohanami

Ang kaugalian ng paghanga sa kagandahan ng bulaklak, at pagdiwang ng pagdating ng tagsibol. Sa Japan, ito ang tawag sa pagsalo-salo sa ilalim ng puno na Sakura na maraming bulaklak na sumisibol.



## Mayo


### Mayo 5: Tango no Sekku

Sa tahanan, umaasa na mapalaki ang mga anak ng malusog ang katawan at ipinagdidiriwan ito. Ang pyesta para sa mga batang babae ay Marso 3 kaya ang araw na ito ay para naman sa mga batang lalaki. Ang mga tahananang may anak na lalaki ay naggagayak ng *kabuto* (helmet na gamit ng mga samurai kapag nagdidigma) o *gogatsu ningyo* (manyika para sa pyesta ng mga batang lalaki sa Mayo), at ng *koinobori* (mga banderang koreng karpa).

Kapag malapit na ang araw ng mga bata, makakakita kayo ng mga lumalangoy na *koinobori* sa bubong ng mga bahay o beranda ng mga apartment. Ito ay nag-umpisa sa [paglangoy pataas sa talon ng karpa] na galing sa Tsina na pagparis ng [isdang karpa na lumalangoy paakyat sa Yello River na kapag nagtagumpay na malangoy ito ay magiging isang dragon], kaya itinatayo ang *koinobori* sa pag-aasang lumaki ng malusog ang bata at maging maganda ang kanyang kinabukasan.

Ang *Tango no Sekku* ay naging [*Kodomo no Hi* (Araw ng mga Bata)], at naging isang opisyal na araw ng bansa noong taong 1948. Ipinasiya na ito ay magiging [araw na bibigyan ng kahalagaan ang katangian ng bata, at sabay sa paghanda sa kaligayahan ng bata ay bibigyan ng pasalamat ang mga ina].

Pagtiklop ng kabuto →



### Ika-2 Linggo ng Mayo: Haha no Hi (Araw ng Ina)

Ang *Haha no Hi* (Araw ng Ina) ay ang araw ng pagbigay pasalamat sa mga ina, pagbigay konsiderasyon sa kanilang araw-araw na paghihirap. Sa Japan at sa ibang mga bansa, ito ay idinidiwang sa ika-2 Linggo ng Mayo, ang pag-umpisa ng pagdiriwang na ito ay iba-iba sa buong mundo, iba-iba rin ang araw ng pagdiriwang nito.



## Hunyo

### Ika-3 Linggo ng Hunyo: Chichi no Hi (Araw ng Ama)

Ang *Chichi no Hi* (Araw ng Ama) ay dumarating pagkalipas ng isang buwan at isang linggo ng Araw ng mga Ina. Araw ng pagbigay pasalamat sa mga ama.



## Hulyo

### Hulyo 7: Tanabata

Ang grupo ng mga bituin na parang ilog kung tignan sa langit sa gabi ay tinatawag na [*Ama no Kawa* (Ilog ng Langit)] sa Japan. Ang hinihiwalay ng *Ama no Kawa* na si *Hikoboshi* (Altair ng Eagle Constellation) at si *Orihime* (Vega ng Lyra Constellation) ay nakikita ng isang bes sa isang taon tuwing Hunyo 7 ng gabi, at ang pyesta ng bituin na ito ay tinatawag na [*Tanabata*].

Sa Tsina, may pyesta para sa paghiling na gumaling sa pananahi na inaalay sa 2 bituin na ito, ito ay sinunod sa Japan at isinasagawa mula noong mga ika-6 na dantaon (sa panahon ng Nara Period), at noong ika-15 dantaong (panahon ng Edo Period) ay lumawak ang pagdiwang ng pyestang ito sa mga mamamayan.

Sa kasalukuyan, tuwing Hulyo 7, isinusulat ang kahilingan sa 5 kulay na pahabang papel at kasama ang kahit anong palamuti na isabit sa isang sanga ng kawayan at ito ay pinapalitaw sa ilog o sa dagat habang dinadasal na matupad ang kahilingan.



### Hunyo 15: Ochugen

Sa Japan, nagpapadala ng regalo sa mga taong nakatulong sa kanila, ang kaugaliang ito ay tinatawag na *Ochugen*. Ang pagpapadala ay hanggang sa araw ng 15. Ang ipinadala na regalo paglampas sa araw na ito ay tatanggapin bilang isang *Syochu mimai* na regalo na nagsasaad ng magandang kalooban na pagbati sa panahon ng tag-init.

## Agosto

### Agosto 13~16: Obon

Sa Japan, mula Agosto 13 hanggang 16 ay tinatawag na [*Obon*], na kinauugaliang alalahanin ang mga namatay na mga kamag-anak. Sa Agosto 13, sinasalubong ang mga namatay na mga kamag-anak, at pagkatapos magsama ng kaunting panahon ay inihahatid muli sa kabilang dako sa araw ng 16.

Dahil dito, maraming taong umuwi sa kanilang bayan sa panahong ito, upang mabigyan kaalwanan ang kaluluwa ng mga namatay, nagkakaroon ng sayaw para sa *Obon* sa bawat bayan.



## Setyembre

### Kalagitnaan ng Setyembre: Jugoya (gabi ng ika-15 araw)

Ang pagmasdan ang buwan ay isang gawain na kina-aaliwan noon tuwing Agosto 15 sa lumang kalendaryo (sa kasalukuyang kalendaryo ito ay sa kalagitnaan ng Setyembre), at ang buwan sa araw na ito ay tinatawag na [*Chushu no Meigetsu* (buwan ng ani sa taglagas)], [*Jugoya* (gabi ng ika-15 araw)], [*Imomeigetsu* (buwan ng ani ng patatas)]. Sa araw ng pagmamasid sa buwan, naghahanda ng *dango* (puto), *mochi* (*geppe* sa Tsina, mooncakes), *susuki* na damo, gabi, atbp, para i-alay habang minamasdan ang buwan.

### Ika-3 Lunes ng Setyembre: Keiro no Hi

Araw na pinagdiriwang ang mahabang buhay, at binibigyan ng paggalang ang mga matatanda.



### Setyembre 23: Shubun no Hi ※Nag-iiba sa bawat taon.

Ang araw sa panahon ng taglagas na ang araw at gabi ay magkasinghaba, ang mga ninuno ay inaalala. Tinatawag din ito na [**Aki no Higan**], kaugalian na kumain ng *ohagi* (binilog na kanin na binalot sa minatamis na pulang munggo).

## Oktubre

### Ika-2 Lunes ng Oktubre: Taiku no Hi (Araw ng Pagsasanay sa Katawan)

Ito ay isang pyesta opisyal na ang layunin ay [masanay sa mga sports, upang maging malusog ang katawan]. Nagkakaroon ng mga magtitipon sa iba't-ibang uri ng sports.



### Kalagitnaan ng Oktubre: Jusanya (gabi ng ika- 13 araw)

Sa Japan, hindi lamang sa lumang kalendaryo na Agosto 15, pati rin sa Setyembre 13 (sa kasalukuyang kalendaryo ito ay sa kalagitnaan ng Oktubre), kina-aaliwan din ang pagmasid sa buwan, at tinatawag ito na [*Jusanya* (gabi ng ika-13 araw)], [*Nochi no Tsuki/Ato no Ttsuki* (ang sumusunod na buwan)], [*Kuri meigetsu* (buwan ng ani ng kastanyas)]. Sa *Jusanya* (gabi ng ika-13 araw), maliban sa *tsukimi dango* (puto), nag-aalay din ng kastanyas at soybean na may balat pa. Sa bawat bayan may kasabihan na [kung pagmamasdan ang buwan sa *Jugoya* (gabi ng ika-15 araw), kailangan gawin din ito sa *Jusanya* (gabi ng ika-13 araw)], dahil may kaugaliang isang gabi lamang ginagawa ito. Ang kaugalian ng *Jusanya* (gabi ng ika-13 araw) ay wala sa Tsina, ito ay sa Japan lamang.

## Nobyembre

### Nobyembre 15: Shichi-go-san

Isang tradisyonal na kaugalian sa Japan ng pagdiwang ng paglaki ng mga bata, kaya ang mga batang 3 taong gulang, mga batang lalaki na 5 taong gulang at mga batang babae na 7 taong gulang ay pumupunta sa templo.

Ngayon, maraming bata na nagsusuot ng damit na moderno, ngunit ang kaugaliang suot ay ang damit Hapon na *hakama* at *haori* para sa mga batang lalaki, para naman sa batang babae ay kimono. At ngayon, may mga tindahan na nagpapahiram ng mga damit, may mga studio rin na kumukuha ng litrato para maalala ang pagpunta sa templo sa *shichi-go-san*.



## Disyembre

### Disyembre 13: Kotohajime

Ang *kotohajime* ay ang pagumpisa ng paghanda para sa bagong taon. Noong unang panahon, may kaugalian na kumuha sa bundok ng kahoy na kailangan para sa bagong taon tulad ng ilalagay sa *kadomatsu* at ang gagamitin sa pagluto ng *ozoni*.

### Kalagitnaan ng Disyembre: Oseibo

Sa Japan, may kaugaliang na tinatawag na *seibomawari* sa katapusan ng taon para ipakita ang pagpapasalamat sa mga taong naging matulungin. Nagpapadala ng regalo sa panahong ito, at ang mga regalo ay tinatawag na *oseibo*, ngunit sa kasalukuyan, kapag sinabing [*seibo*] o [*oseibo*], karaniwan ang tinutukoy ay ang kaugaliang ito.



### Disyembre 22: Touji

Ito ang araw sa buong taon na pinakamaikli ang araw at pinakamahaba ang gabi, sa hilagang parte ng mundo. May mga kasabihan noong unang panahon tulad ng [hindi magkaka-sipon kapag naglublob sa mainit na lubig na may yuzu na dalandan sa araw ng *touji*]. Mayroon ding mga lugar na nagsasabing kumain ng kalabasa o kaya konyaku.

### Disyembre 25: Pasko

Pagdating ng Disyembre, ang bayan ay napupuno ng mga ilaw na palamuti para sa pasko, nababalot sa maningning na kapaligiran. Sa Japan, ang pasko ay walang pakialam sa relihiyon, at isa lamang masaya a pyesta sa loob ng taon, may mga pagtitipon na ginagawa sa bawat lugar. Ang karamihan sa mga bata ay nasisyahan na makakain ng Christmas cake at makatanggap ng regalo.



### Disyembre 31: Omisoka

Ito ang huling araw ng taon. Upang magkaroon ng mahabang buhay na tulad sa mahabang pancit na soba, kumakain ng *toshikoshi soba*. Bago at pagkatapos ng hatinggabi, ang kampana na tinatawag na [*joya no kane*] ay pinapalo upang patunugin. Sinasabi na ito ay pinapatunog ng 108 na beses upang mawala ang 108 na pagnanais ng tao sa mga material na bagay, at masasalubong ang bagong taon na malinis ang kalooban.



Maliban sa mga ipinakilala dito, marami pang ibang pyesta sa Japan.

\* Pinagbatayan ang mga inilathala ng [Mimitaro] upang mabuo ang lathalang ito.